Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T SIYAM NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-6 NG AGOSTO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
6. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
7. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
8. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
9. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-Barangay
10. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 154-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan nina Kag. Lijauco at Kag. Aala)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY SA MGA ISINULIT NA KAPASIYAHANG BARANGAY NA NAGSASAAD NG SUMUSUNOD:

BARANGAY CAINGIN:

KAPASIYAHAN BLG. 04-'97 - na nagsasaad ng paglikha ng isang tungkuling "Barangay Administrative Assistance" upang mapasanib sa balangkas ng mga tungkulin sa aming barangay.

KAPASIYAHAN BLG. 05-'97 - na nagsasaad ng paglilinis ng Cross Canal and Kanal.

BARANGAY LABAS:

KAPASIYAHAN BLG. 15-'97 - na nagsasaad ng pagbubuo ng isang panloob na alituntunin ng Sangguniang Barangay ng Labas.

KAPASIYAHAN BLG. 16-'97 - na nagsasaad ng pagtatakda na magkaroon ng opisyal na pahayagan ang barangay Labas na ilalabas tuwing Ikatlong buwan.

KAPASIYAHAN BLG. 17-'97 - na nagsasaad ng paglilinis at pag-aayos ng kanal sa Sitio Masiit, Kalye Real at Olimpia Subdivision.

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BLG. 18-'97 - na nagsasaad ng pagbubuwag ng pantheon dam na matatagpuan sa hangganan ng Barangay Pook at Barangay Labas upang magbigay luwag sa daloy ng tubig sa ilog.

BARANGAY MALUSAK:

KAPASIYAHAN BLG. 18-'97 - na nagsasaad ng pagpapa-pinturang muli ng mga konkretong "corner signs" at paglalagay ng pagbabala (slowdown signs) para sa mga motoristang nagpapatakbo ng mabilis.

KAPASIYAHAN BLG. 19-'97 - na nagsasaad na bumili ng mga kinakailangang bomba ng tubig (water pumps) (5) para sa pagpapalit sa mga sira at lumang bomba ng tubig sa nasasakupang lugar ng barangay at pag-aari ng barangay ang mga poso.

KAPASIYAHAN BLG. 20-'97 - na nagsasaad ng pag-instala (installation) ng isang poso ng tubig sa lugar ng Lucero St. partikular sa may tapat ng bahay nina G. Alfredo Padua.

KAPASIYAHAN BLG. 21-'97 - na nagsasaad ng paglilinis, paghuhukay at pagsasaayos ng baradong pada-luyang tubig o kanal sa P. Gomez St. partikular sa tapat ng paupahang bahay ni G. Francisco Lerios na kinakailangang magiba ang konkretong daan tao dito.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-29 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-6 ng Agosto, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

Received 8/21/97